

# Isang Masayang Lunar New Year

*Kapag mas marami tayong nalalaman tungkol sa ating pamilya, mas lumalakas tayo.*

LARAWANG-GUHIT NI HANNAH LI



**Ni Alelie Coronel-Camitan**
(Batay sa tunay na buhay)

*Ang kuwentong ito ay nangyari sa Malaysia.*

Narinig ni Claire ang sagitsit ng mga isdang niluluto sa kusina habang nakikipaglaro siya sa kanyang bunsong kapatid. Habang nagluluto ng hapunan sina Inay at Itay para sa Lunar New Year, nagkunwaring festival dragon sina Claire at Chloe.

Napahagikgik si Chloe nang papadyak-padyak na pumasok si Claire sa kanyang silid na suot ang dragon mask at pulang kamiseta nito. Lahat ay nakasuot ng pula ngayon. Sa Lunar New Year, ang ibig sabihin ng pula ay magiging masaya at malakas ka. Gustung-gusto ni Claire ang mga tradisyon ng Kanyang pamilya sa Lunar New Year!

"Inay, kakausapin po ba natin sina Lola at Lolo ngayon?" tanong ni Claire nang mahiga si Chloe para umidlip. Karaniwa'y nagdiriwang sila na kasama sina Lolo at Lola. Pero sa ibang bansa na sila nakatira ngayon.

"Oo. Tatawagan natin sila pagkatapos ng hapunan," sabi ni Inay. Nagpunas ito ng kanyang mga kamay sa kanyang pulang apron. "Gusto mo bang tulungan akong gumawa ng cookies?"

Tumango si Claire at umakyat sa silya sa tabi ng mesa. Maingat niyang binasag ang mga itlog sa isang malaking mangkok.

Habang naluluto ang cookies, tinulungan ni Claire si Itay na ihanda ang mesa. Inilabas nila ang mga espesyal na platong pang-holiday na may magagandang disenyo. Pagkatapos ay naglagay si Claire ng mga retrato nina Lola, Lolo, at iba pang mga miyembro ng pamilya sa ibabaw ng mesa. Ang paglalagay ng mga retrato ay nakatulong na madama na parang magkakasama silang lahat.

Hindi nagtagal at amoy-buttery cookies na ang kusina. Kainan na! Umupo sina Claire, Chloe, at ang kanilang mga magulang sa paligid ng mesa.

Si Claire ang nagdasal. "Salamat po sa isa pang taon na nakasama ko ang aking pamilya." Matapos magsabi ng amen ang lahat, sumubo si Claire ng binilog na kaning malagkit at ngumiti. Napakasarap!

Pagkatapos ng hapunan, naglabas ng dalawang pulang sobre si Itay. Isa pang tradisyon ito. Suwerte ang ibig sabihin nito sa bagong taon. "Isa para kay Claire at isa para kay Chloe," sabi ni Itay. Kinalog ni Claire ang sobre malapit sa kanyang tainga. Pinakinggan niya ang kalansing ng mga barya sa loob nito.

"Salamat po," sabi ni Claire sa mga magulang niya. "Puwede na po ba nating tawagan sina Lolo at Lola?"

"Oo naman!" sabi ni Itay. Itinayo niya ang kanyang ceIllphone sa mesa, at lumabas ang mukha nina Lolo at Lola sa screen. Kumaway sina Claire at Chloe.

"Hi, Lola!" "Hi, Lolo!" sabi ni Claire. "Miss na miss na po namin kayo!"

"Miss na rin namin kayo. Kumusta na kayo?" tanong ni Lola. Kinausap sila ni Claire nang matagal.

Matapos kausapin ni Claire sina Lolo at Lola, tinanong sila ni Inay tungkol sa mga taong hindi kilala ni Claire.

"Inay, sino po ang mga taong iyon?" tanong ni Claire matapos silang magpaalam kina Lolo at Lola.

"Ilan sa mga kapamilya natin. Inaalam ko ang mga pangalan at kuwento nila para maisama ko sila sa ating family history," sabi ni Inay.

Pinag-isipan iyon ni Claire. "Ano po ang family history?"

"Ito ay kapag inaalam natin ang lahat tungkol sa ating pamilya," sabi ni Itay habang paakyat si Chloe sa kanyang kandungan. "Kapag mas marami tayong nalalaman tungkol sa ating pamilya, mas lumalakas tayo."

Tumango si Claire. "Maaari po ba ninyong ikuwento sa akin ang mga iyon?"

"Oo naman!" Dumukwang si Inay sa mesa at kinuha ang photo album ng pamilya. Binuklat niya ito sa isang lumang retratong black and white. "Ito ang lolo-sa-talampakan ni Itay. Nabuhay siya noong araw. Pero madarama natin na malapit tayo sa kanya kapag nalaman natin ang tungkol sa kanyang buhay."

Tiningnan ni Claire ang mga retrato habang nagkukuwento sa kanya sina Inay at Itay. Habang nakikinig siya, nakaramdam siya ng saya. Hindi niya kailangang maging malapit palagi sa kanyang pamilya para madama ang kanilang pagmamahal. Napangiti siya. Napakaganda ng Lunar New Year na iyon. ●

